ANTIPONA SA KOMUNYON • *Lc 12:42*

FIDELIS servus et prudens, quem constítuit dóminus super famíliam suam : ut det illis in témpore trítici mensúram.

ANG MATAPAT at maagap na lingkod, na siyang inihalal bilang panginoon ng Iyong angkan, at siya'y makatatanggap ng ibayong gantimpala sa tamang panahon.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

PERCÉPTIS, Dómine Deus noster, salutáribus Sacraméntis, humíliter deprecámur: ut intercedénte sanctíssimo Benedícto Confessóre tuo; quæ pro íllius veneránda gérimus solemnitáte, nobis proficiant ad salútem. Per Dominum.

KAMING tumanggap ng mga nakaliligtas Mong sakramento, O Panginoon naming Dios, ay pakumbabang dumdulog sa Iyo, pakundangan sa pagdalangin ng Iyong kabanal-banalang Confesor na si San Benito na ipinagpipista namin, tumalab nawa mga ito para sa aming kaligtasan. Alang-alang kay Jesucristong Panginoon namin...

Hermandad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite

Comision Para sa Pagsasalin



ANG KAPISTAHAN NG PAGPANAW
NG ATING MAHAL NA AMANG

SAN BENITO,
AMA NG MGA MONGHE

Misa "Gaudeamus"
• I cl. • Doble I cl.• Puti

HANGO KAY DOM PROSPER GUERANGER

"Makailang buwan bago siya pumanaw sa lupang ibabaw, inilahad niya sa kaniyang mga alagad ang araw ng kaniyang kamatayan. Anim na araw bago siya yumao, iniutos niya na buksan ang libingan na hangad niyang doo'y mahimlay. Sa ika-anim na araw, hinagad niyang dalhin siya sa simbahan, at doo'y nakinabang siya ng Mahal na Katawan at Dugo; pagkaraa'y ang kaniyang mga mata'y nakatingala sa langit na animo'y nanalangin, at habang tangan siya ng kaniyang mga alagad, isinuko niya ang kaniyang kaluluwa. Dalawang monghe ng nakasaksi na siya'y umakyat sa langit, suot ang pinakamagarang damit, at naliligiran ng maliwanag na ilaw. Nakita rin nila ang isang nakapahusay at kapita-pitagang lalaki na tumindig sa ibabaw ng ulo nitong mapalad at pinagpala, at narinig nilang nagsalita siya: 'Sa ganitong paraan, si Benito, lubos na inibig at minamahal ng Poong Dios, ay umakyat sa Paraiso.'"

Ang pista ni San Benito, tuwing ika-21 ng Marso, ay laging nasa panahon ng Cuaresma. Ang Dios, sakdal-pinuno ng lahat ng panahon, niloob na ang lahat ng mga binyagan, habang sila'y nagtitika, na tularan ang pagkauliran nitong Santo, pakundangan sa halimbawa at pamamagita'y magpatibay sa kanilang kalooban.

Anupa't kapita-pitagan dapat nating ipagdiwang ang Pista ng kahanga-hangang Banal na ito, yamang sa mga labi ni San Gregorio, "Siya'y napuspos ng tanang diwa ng mga Banal!" Kung mamarapatin natin ang kaniyang kagalingang ginawa sa lupang ibabaw, wala na tayong higit na makikita o mababasa sa ganap na buhay niya na ibinigay ng Simbahan para sa atin. Pag-ibig sa Dios at kapuwa, kapakumbabaan, pananalangin, at panginoon ng lahat ng kaniyang mga hilig -- ito ang humubog sa kaniya bilang isang obra maestra ng Espiritu Santo. Siya'y minahal at tinularan ng 'di mabilang na mga lalaki at babaing Banal.

PREPASYO PARA SA PAGMIMISA KAY SAN BENITO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et aeterne Deus:

Qui beatíssimum confessórem tuum Benedíctum, ducem et magístrum cœlitus edóctum, innumerábili multitúdini filiórum statuísti.

Quem et ómnium justórum spíritu replétum, et extra se raptum, lúminis tui splendóre collustrásti.

Ut in ipsa luce visiónis íntimæ mentis laxáto sinu, quam angústa essent ómnia inferióra deprehénderet: per Christum Dóminum nostrum.

Quaprópter profúsis gáudiis totus in orbe terrárum monachórum cœtus exsúltat. Sed et supérnæ virtútes atque angélicae potestátesm hymnum glóriae tuæ cóncinunt sine fine dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus…**

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan:

Ikaw ang nagbigay sa iyong pinagpalang kumpesor na si Benito, bilang pinuno at guro sa buhay-espiritual ng mga hindi matumbasang bilang ng kanyang mga anak.

Datapuwa't napuspos siya ng diwa ng lahat ng mga may mababuting kalooban, siya'y binaha mo ng kaluwalhatian ng iyong liwanag sa isang pangitain.

Dahil sa kaningningan ng pangitain na ito, lumaya ang kanyang isipan mula sa pangaw ng mundong ito: napagtanto rin niyang napaparam ang lahat ng mga bagay dito sa daigdig: sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo.

Kaya't ang buong lupon ng mga monghe mula sa iba't-ibang dako ng sansinukob ay umaawit nang may galak, at ang mga Virtud sa kalangitan, kaisa ng mga Potestad ng tanang kinapal, pinupuri ang iyong kaluwalhatian at umaawit nang walang humpay: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo…**

Si Profeta Eliseo, ika'y nagmimistula.
Iyong pinalutang, ibinalik;
ang palakol mula sa dumadaluhong na tubig.

Sa buhay mo, ika'y parang si José na hindi nagkasala.
Ika'y si Jacob na ang hinaharap ay nahihinuha.
Isipan ng iyong mga nakisalamuha, iyong nababasa.

Ang kanyang mga lingkod nawa'y maalala niya.
At lagi tayong kanyang patnubayan pa.
Nang sa dulo nitong buhay, si Cristo'y masilayan.
Siya nawa.

Elisaeus dignoscatur,
Cum securis revocatur
De torrentis alveo.

Illum Joseph candor morum,
Illum Jacob futurorum
Mens effecit conscia.

Ipse memor suae gentis,
Nos perducat in manentis.
Semper Christi gaudia.
Amen.

Ebanghelyo • *Mt 19:27-29*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

Noong panahong iyon: Sinabi ni Pedro kay Jesus: "Tingnan po ninyo, iniwan namin ang lahat at kami'y sumunod sa inyo. Ano po naman ang para sa amin?" Sinabi sa kanila ni Jesus, "Tandaan ninyo: kapag naghahari na ang Anak ng Tao sa kanyang trono ng kaluwalhatian sa bagong daigdig, kayong sumunod sa akin ay uupo din sa labindalawang trono upang mamuno sa labindalawang lipi ng Israel. Kapag iniwan ninuman ang kanyang tahanan, mga kapatid na lalaki at babae, ama, ina, asawa,mga anak, o mga lupain alang-alang sa akin ay tatanggap siya ng sandaang ibayo at pagkakalooban siya ng buhay na walang hanggan."

— *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May* Credo *o* Sumasampalataya.

Antipona sa Pag-aalay • *Ps 20:3-4*

Desiderium ánimæ eius tribuísti ei: et voluntáte labiórum eius non fraudásti eum. (T.P. Alleluia.)

Ibinigay Mo ang hangad ng kaniyang kaluluwa, at hindi mo ipinagkait ang hiling ng kaniyang mga labi. (P.P. Aleluya.)

Panalangin Ukol sa mga Alay

Oblátis, Dómine, ad honórem sanctíssimi Confessóris tui Benedícti placáre munéribus: et ipsíus intervéntu, fámulis tuis tríbue indulgéntiam peccatórum. Per Dominum.

Malubag nawa ang iyong kalooban, Panginoon, pakundangan sa aming mga iniaalay sa karangalan ng Iyong kabanal-banalang Confesor na si San Benito: at sa kaniyang mga panalangin, kalagan Mo nawa ang lahat ng aming mga pagkakasala. Alang-alang kay Jesucristong Panginoon namin...

ANG MISA

Pambungad na Antipona

Gaudeamus omnes in Domino diem festum celebrantes sub honore Benedicti abatis, de cujus solemnitate gaudent angeli et collaudant Filium Dei. — *Ps 47:2* Magnus Dominus et laudabilis nimis. In civitate Dei nostri in monte sancto ejus. *V.* Gloria Patri. Gaudeamus.

Magsaya tayong lahat sa Panginoon, sa pagdiriwang ng kapistahan ng Abad na si San Benito: Magalak tayong kasama ng mga anghel at ipagbunyi ang kapurihan ng Anak ng Diyos. — *Salmo 47:2* Dakila ang Panginoon na ating Dios, at karapat-dapat na papurihan sa kanyang bayan, ang kanyang banal na bundok. *V.* Luwalhati sa Ama. — Magsaya tayo...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Diyos)

Panalangin sa Misa (Kolekta)

Omnipotens sempiterne Deus, qui (hodernia die) carnis eductum ergastulo sanctissimum Confessorem tuum Benedictum sublevasti ad caelum: concede, quaesumus, haec festa tuis famulis celebrantibus cunctorum veniam delictorum; ut, qui exsultantibus animis ejus claritati congaudent, ipso apud te interveniente consocientur et meritis. Per Dominum.

Post Pascha omittur (hodernia die)

O makapangyarihan at walang hanggang Dios, na (ngayong araw ay) pinalaya mula sa piitan ng laman ang iyon kabanal-banalang lingkod na si Benito at dinala sa langit: † igawad mo nawa sa amin, aming hinihiling, ang kapatawaran ng lahat ng aming mga sala pakundangan sa pistang ngayon ay pinagdiriwang ng inyong mga lingkod, * nang sa ligaya kung saan sila ay nagkakaisa sa pagdiriwang ng kanyang kaluwalhatian, nawa'y sa kanyang pamamagitan ay makiisa rin sila sa kanyang mga karapatan. Alang-alang kay Jesucristong Panginoon namin...

Makaraan ang Pasko ng Pagkabuhay, hindi babanggitin ang (ngayong araw).

Pagbasa • *Sir 50:1-14*

Pagbasa mula sa aklat ng Karunungan.

Narito ang isang dakilang Confesor, pagka't noong nabubuhay pa siya, siya ang naglagay ng mga pundasyon ng dinobleng muog, ang mataas na muog sa paligid ng Templo; siya rin ang naglagay ng mga tanggulan sa bahay ng Diyos.

Noon ding panahon niya hinukay ang tipunan ng tubig, na halos sinlaki ng Dagat na Tanso. Sinikap niyang iligtas ang bayan mula sa pagkawasak, kaya't pinatibay niya ang mga tanggulan ng lunsod laban sa pananalakay ng kaaway. Kay ganda niyang pagmasdan kapag siya'y naliligid ng mga tao, matapos lumabas sa Dakong Kabanal-banalan. Parang bituing nakadungaw sa siwang ng mga ulap, parang buwang kabilugan sa mga araw ng kapistahan. Katulad ay araw na sumisinag sa Templo ng Kataas-taasang Diyos at bahagharing nakabalantok sa harap ng maningning na ulap. Parang rosas na bagong bukadkad pagkapatak ng ulan, parang azucenang tumubo sa tabi ng batisan. Parang talbos na bagong usbong sa simula ng tag-araw, Parang insensong sinusunog sa oras ng pag-aalay. Tulad niya'y isang saro na yari sa gintong lantay at napapalamutian ng mamahaling batong hiyas. Parang puno ng olibo na hitik sa bunga, parang sipres na mataas na ang dulo'y abot sa ulap. Naliligid ng kanyang mga kapatid: ang kawangis niya'y mayabong na sedar sa Lebanon na naliligid ng mga punong palma at ng mga anak ni Aaron ay nakapaligid sa kanya sa kaluwalhatian. — *R.* **Salamat sa Dios.**

Paningit na Awit (Gradual) • *Ps 20: 4-5*

Domine, prævenísti eum in benedictiónibus dulcédinis : posuísti in cápite ejus corónam de lápide pretióso.
V. Vitam pétiit a te, et tribuísti ei longitúdinem diérum in saéculum saéculi.

Allelúia, allelúia. *V.* Vir Dei Benedictus omnium justorum spiritu plenus fuit: ipse intercedat pro cunctis monasticae profesionis. **Alleluia.**

Poong Mahal, sinalubong mo siya ng matamis na pagpapala, at ipinutong mo sa kaniyang ulo ang isang dalisay na koronang ginto.
V. Hiningi niya ang buhay sa Iyo, at ito nama'y ipinagkaloob mo: kaya nama'y mababuhay siyang mahaba magpakailanman.

Aleluya, aleluya! *V.* Ang lingkod ng Poon na si San Benito, ay napuspos ng lahat ng diwa ng lahat ng mga makatarungan: nawa'y mamagitan siya sa laat ng mga panatag sa kanilang pangakong monastico. **Aleluya.**

Makalipas ang Septuagesima *at buong panahon ng* Kwaresma, *ang* Aleluya *ay papalitan ng sumusunod:*

Tracto • *Ps 111:1-3*

Beatus vir, qui timet Dominum: in mandatis eius cupit nimis.

Mapalad ang taong may takot sa Panginoon, at sumusunod sa Kaniyang mga utos.

V. Potens in terra erit semen eius: generatio rectorum benedicetur.
V. Gloria et divitiae in domo eius: et iustitia eius manet in saeculum saeculi.

V. Makapangyarihan ang kaniyang magiging binhi dito sa lupa, at ang lahi ng matuwid ay pagpapalain.
V. Kasagaanaan at kayamanan ay nasa kaniyang bahay: at kaniyang kabutiha'y nananatili magpakailan man.

Sa buong panahon ng Pascua (Muling Pagkabuhay) *ang* Aleluya *at* Dakilang Aleluya *ay papalit sa* Gradual (Paningit na Awit)*:*

Dakilang Aleluya • *Ps 91:13; Hos 14:6*

Allelúia, allelúia. *V.* Justus ut palma florébit : sicut cedrus, quæ in Líbano est, multiplicábitur.

Alleluia. *V.* Justus germinábit sicut lílium : et florébit in ætérnum ante Dóminum. **Alleluia.**

Aleluya, aleluya! *V.* Ang matuwid na tao'y na tao'y yayabong na parang palmera, at darami tulad ng isang sedro sa Libano.

Aleluya. *V.* Ang matuwid na tao'y lalago na parang azucena, at yayabong kailanman sa harap ng Poong Mahal. **Aleluya.**

Sequencia (Awiting-Dugtungan) • *Laeta Quies*

I sang maligayang kapahingahan
ng ating Pinunong dakila,
Nagbibigay ng bagong liwanag
sa pistang ngayong araw ay ginugunita.

Laeta dies magni ducis,
Dona ferens novae lucis,
Hodie recolitur.

Kaloob Mo'y ibinigay sa kaniyang isipan:
puso nami'y mag-alab sa awitin
katambal ng aming mga labi!

Caris datur piae menti,
Corde sonet in ardenti,
Quidquid foris promitur.

Malasin natin ang kalyeng silangan
Siyang iniaakyat sa patutunguhan
Itong Patriarca'y ating tingnan!

Hunc per callem orientis
Admiremur ascendentis
Patriarchae speciem.

Kayrami ng inyong mga binhi na nagkalatan.
Ika'y parang Araw sumisinag sa kalangitan.
Ika'y nagmimistulang Abraham sa kaluwalhatian.

Amplum semen magnae prolis
Illum fecit instar solis
Abrahae persimilem.

Datapuwa't pinagsilbihan ng uwak
na parang si Elias ay sa amin ika'y bagang
Sa maliit na yungib ika'y nasilayan.

Corvum cernis ministrantem,
Hinc Eliam latitantem
Specu nosce parvulo.